

1

“Welcome to *Affinitea*, Ma’am! May I take your order?” nakangiting bungad ng kahera.

Sinuklian ni Daniella ang ngiti nito.

“Hi, Jane! I’ll have my usual cup please pero with crystals this time, fifty percent sweetness pa rin.” Halos kilala na niya lahat ng staff sa nasabing tea house at kilala na rin siya ng mga ito dahil regular customer siya roon.

“No problem, Ma’am,” maliksing tugon nito habang ipina-punch ang kanyang order. “How about something to eat, Miss Daniella?”

“No, thanks,” she politely declined. Pagkatapos magbayad ay naghanap siya ng bakanteng upuan.

She was pleased to see that her usual seat was vacant. Doon siya awtomatikong dinala ng mga paa. She inhaled once again, taking pleasure in the aroma of milk tea lingering in the place. Magkahalong pait at tamis, parang kape, only milder. And there was that distinct smell na marahil ay gawa ng pearls na siyang mas popular na sinker ng milk tea drinks. She felt giddy. Pakiramdam niya ay isa siyang addict.

Capture My Heart - Darla Domingo

Hindi talaga siya tea-drinker pero nagustuhan niya ang lasa ng milk tea na sini-serve sa maliit na tea shop na iyon malapit sa entrance ng isang eksklusibong subdivision sa Makati.

She watched people come and go as she waited for her tea. Medyo kaunti pa ang mga taong umorder dahil hindi pa oras ng uwian. Ngunit sigurado siyang mayamaya lang ay dadagsa na ang mga customers. She should know dahil nasubukan na niyang bumili roon ng past five ng hapon.

Obviously, hindi lang siya ang na-hook sa milk tea craze. Or talagang masarap lang siguro ang timpla ng shop.

Lumapit siya sa counter nang marinig na tinawag ang kanyang number.

“Thanks,” she replied with a smile habang inaabot ang kanyang inumin.

Muli siyang bumalik sa kanyang upuan. She then excitedly took her first sip of her drink. It was bliss! She contentedly enjoyed taking a few more sips before getting her planner and *iPad* from her bag. Ni-review niya ang naging schedule niya sa araw na iyon. It was time to cross out the things she had accomplished on her to-do list.

“Three follow-ups, two demos...” usal niya sa sarili habang nagsusulat ng ilang notes sa kanyang planner. Kaninang umaga ay may tatlo na siyang follow-up meetings na pare-parehong negative ang resulta. Pagkatapos ay nag-product demonstration siya bago mag-lunch. Mukhang kukuha ang kanyang prospect at sinabihan siyang tumawag ulit bukas. Ikokonsulta muna raw sa asawa ang pagbili dahil may kamahalan din ang kanyang mga produkto. Nag-demo siya ulit after lunch, kumuha lang ng small items ang kausap niya. Parati siyang may dalang stock sa kotse.

Not bad, Daniella thought. Kahit paano ay productive ang maghapon niya. At hindi pa tapos ang araw. She looked at her watch. Alas tres pa lang ng hapon. Maaari pa siyang mag-relax muna at namnamin ang kanyang milk tea. Alas cuatro pa ang kasunod niyang appointment sa bago niyang partner na si Lana. Halos dalawang buwan pa lamang ito sa business kaya tinututukan niya pa ito at sinasanay para makagamayan nito ang pagpapatakbo ng sariling negosyo.

Si Daniella ay isang independent distributor para sa *Entice*. Hindi siya empleyado ng naturang kompanya. Mistula siyang franchisee nito at nagsisilbing distribution channel upang makilala

Capture My Heart - Darla Domingo

at makarating ang mga produkto nila sa kanyang network o mga kaibigan, kapamilya, kakilala, at kakilala ng mga kakilala niya. In short, isa siyang networker.

Bagaman lehitimo at malaking kompanya ang *Entice* na sa USA pa nakabase, madalas pa rin na sa tingin ng iba ay kalokohan ang kanyang pinasok. Hindi rin iilang beses siyang pinagtawanan dahil sa halip na maghanap ng trabahong kaugnay ng kanyang kursong Management ay heto siya at bumagsak daw sa pagtitinda ng mga pampaganda at pampabata. Hindi na rin bago sa kanya tuwing tatawagin siyang scammer. Hindi niya masisisi ang mga tao dahil sa sumabog na pyramid scams noong mga nakalipas na taon.

But as far as she was concerned, she was a legitimate business owner. At ginamit niya ang kanyang kaalaman sa finance management sa pagsuri sa financial standing ng *Entice* bago siya nagdesisyong maging independent distributor nito. Sabi nga nila, numbers don't lie. At sa nakita niyang credit rating at maging stock prices nito sa *New York Stock Exchange* main board ay walang dudang matibay na partner ang *Entice*. She believed in the company. She believed in the opportunity. At dahil siguro sa paniniwala niyang ito kaya mahigit apat na taon na siyang distributor.

Skin and health care products ang minamamagulang ng *Entice*. Lakasan lang ng loob at tiwala sa sarili at sa kompanya.

Bago pa maubos ni Daniella ang iniinom ay dumating na si Lana. Sa *Affinitea* mismo ang tagpuan nila.

“Hey, Dane!” bati nito at nagbeso sa kanyang kanang pisngi. Inilapag nito ang mga gamit sa mesa at tumungo sa counter upang um-order ng mainom. Hindi maiwasang maaliw ni Daniella sa mga gamit ni Lana. Halatang mayaman ito, lahat halos ng gamit ay branded. Maging ang demo kit nito na pinaglalaman ng kanilang mga product samples para sa kliyente ay hindi maikakailang mamahalin.

Magdadalawang-buwan na silang nagtatrabaho ni Lana, pero hindi niya lubos na alam ang family background nito. Hindi rin naman niya ugaling mag-usisa. But she knew enough to feel that Lana had a deeper reason for investing in *Entice*. She would just wait for Lana to share that with her. For now, ang priority niya ay matulungan ito.

Kunot ang noo ni Karl habang pinag-aaralan ang credit card bill ni Lana. Magastos ang kapatid niya

Capture My Heart - Darla Domingo

dahil mahilig itong bumili ng designer na gamit. Pero hindi pa nangyaring ganito kalaki ang bill nito sa isang buwan. Halos masagad nito ang credit limit nito na one hundred fifty thousand pesos. At ang nakapagtataka ay iilang transactions lamang ang mga iyon. Bukod sa usual purchases nito ng shoes at bag ay may purchase itong worth twenty-five thousand na nasundan ng cincuenta mil! Mula sa iisang merchant at halos dalawang linggo lamang ang pagitan.

He was not familiar with the merchant kaya minabuti niyang iutos sa secretary ang pagre-research tungkol doon.

Hindi nakaugalian ni Karl na suriin ang mga purchases ni Lana dahil may allowance itong natatanggap bilang stockholder ng kanilang kompanya. Binibigyan rin niya ito ng pera bilang nakatatandang kapatid nito.

Naalarma lang siya dahil nitong mga nakaraang linggo ay panay ang alis ni Lana ng bahay. At madalas ay gabing-gabi na ito kung umuwi. Minsan ay inabot pa ito ng madaling araw at ang sabi ay nag-overtime daw. He was supposed to be happy dahil sa wakas ay mukhang nagkaroon na ng sense of direction ang buhay nito, mayroon na umanong trabaho kahit pa sabihing mas gusto niyang sa kompanya na lamang

nila ito. But no matter what he offered, she simply refused to take part in the family business.

“I want to make it on my own, Kuya,” Lana would always argue, *“And I can. I will. So please stop offering me posts in our company. That’s insulting my capacity.”* Pag iyon na ang dialogue nito ay taas-kamay na siya.

A part of him understood her, pero siguro ay umiiral lamang ang kanyang pagiging protective bilang kuya nito. Hindi niya ugaling i-monitor ang mga lakad nito. Hindi niya ito matanong dahil kahit sampung taon ang tanda niya rito ay hindi na rin masasabing bata si Lana. She was already twenty-four years old! Kaya paniguradong hindi nito ikatutuwa kung ngayon pa siya mag-uumpisang mag-usisa sa mga lakad nito.

Biglang uminit ang kanyang ulo at lahat yata ng warning bells sa kanyang utak ay umalarma sa report ng secretary niya.

“Sir, Entice is a direct-selling company in the US, with branches in fifty countries, including the Philippines. Currently, marami na pong independent distributors dito at marami sa kanila ang may success stories. They have a website, both local and international. Isinama ko po diyan sa materials na naka-attach for your reference.”

“Thanks, Sandy. Ako na ang bahala dito. Cancel all my appointments this afternoon. May aayusin lang ako.”

“Sir, including ’yung appointment mo with Miss Carlyn?” tanong nito na ang tinutukoy ay ang dinner date nila ng nobya.

Napaangat ang mukha ni Karl mula sa binabasang material. Saglit siyang nag-isip. Ilang beses nang nai-reschedule iyon. Tiyak na magagalit na si Carlyn.

“Yes, including that. Pero order flowers for her. Alam mo na ang gagawin.”

“So, how did your demo go?” ani Daniella.

Lana ordered a sweeter version of her drink. Pareho silang mahilig sa milk tea kaya sa *Affinitea* sila madalas magkita at magdiskusyon.

“Not so good,” anito, nagkibit-balikat pagkatapos ay muling sumipsip sa inumin. “May nauna na raw sa aking mag-demo sa kanya n’ung product. Hindi nga raw niya masyadong nagagamit dahil nakakatamaran niya.”

Daniella studied her face, mukhang hindi ito masyadong affected sa nangyari. “Okay lang iyon,

humingi ka na lang sana ng referrals.”

“Yup, I did. Nagbigay naman siya, mga amiga raw niya. Kung free ka sa weekend papasama sana ako kasi medyo mataray daw ’yung isa d’un, taga-*Valle Verde*. Baka hindi kaya ng beauty ko. Pero sabi niya medyo mataba na daw kasi ’yun kaya wala nang ganang mag-ayos ng mukha.”

“No problem, I’ll block my Saturday afternoon for that. Let’s introduce her to the fat analyzer para kung hindi interesado sa skin care, baka gustong pumayat,” suhestyon niya sabay kindat kay Lana.

Lana smiled in agreement. She got her cellphone para ibigay kay Daniella ang number ng prospect nila for Saturday. Napakagat-labi ito nang makitang madami nang missed calls ang kapatid. Palibhasa ay naka-silent mode ang phone.

“Dane, I got to go.” Nagmamadali nitong inayos ang mga gamit. “I need to rush home,” paliwanag nito. “Tawagan kita tonight,” paalam nito at saka siya muling bineso bago tuluyang lumabas.

“Kuya, I invested in something. Don’t worry, I can pay for my bill.”

Capture My Heart - Darla Domingo

Gustong tumaas ng kilay ni Karl sa narinig niyang tinuran ni Lana.

At saan kaya ito kukuha ng pambayad? Sigurado siyang wala pa itong kinikita sa kinalolokohan nitong pyramiding scam.

They were dining late dahil parehong kauuwi lang nila ng bahay. Nauna lamang nang kaunti sa kanya si Lana. Madalang na silang magkasabay sa hapag dahil parati na ngang gabi umuwi ang kapatid nitong nakaraang mga linggo kaya kahit ayaw muna sana niyang unghatin ang natuklasan niya kanina ay hindi niya napigilan ang magtanong. As expected, Lana was keen on not telling him anything kaya halos wala siyang mapigang sagot mula rito.

“That’s not the point. What I want to know is kung ano itong investment na sinasabi mo. Isa pa, kelan ka pa natutong mag-invest? Marami akong kaibigang stock brokers na puwede kang i-guide. I can ask them to assist you. I just don’t want you falling for stupid schemes na nagkalat ngayon.” He was on the brink of telling her that he was aware kung saan nito dinala ang pera ngunit pinigil niya ang sarili. Baka magalit ito nang tuluyan. It was enough na pinakialaman niya ang credit card bill nito na sa opisina niya bumabagsak.

“Thanks, Kuya, but I’ll be fine. May kaibigan na akong tumutulong sa akin, a financial analyst. So no need to worry, okay?”

“At sino itong kaibigan mong ito?” Lalong naalarma si Karl.

“Si Dane, pero hindi mo siya kilala. And can we drop this topic? Iba na lang ang pag-usapan natin, please?” May pagsusumamo sa tinig ng kapatid.

Lana decided to change tactics. Hindi uubra ang pakikipagmatigasan lalo’t sa totoo ay wala pa itong pambayad sa utang sa credit card. Kaya pinairal nito ang alam nitong pinaka-effective na sandata, ang paglalambing sa Kuya Karl nito. Nang maramdamang medyo kumalma nang bahagya ang kapatid ay lalo pa nitong pinagbuti ang pagmasahe sa ulo ng kapatid.

“Don’t worry, Kuya, wala akong ginagawang masama. Trust me.” Fingers crossed, Lana wished herself good luck.

Dane, you have to help me out, ASAP

Karl relaxed a bit dahil na rin sa pagmamasaha ni Lana sa kanyang ulo, but made a mental note to check out about this Dane. Baka perahan lang nito ang kapatid niya. Hindi pa man nakakaharap ito ay gigil na gigil na siya. Oras na makalibre siya sa mga

Capture My Heart - Darla Domingo

appointments niya ay haharapin niya ang Dane na
iyon!

2

Nagmamadali si Daniella sa pagtawid kaya hindi na niya napansin ang paparating na sasakyan, buti na lamang at nakapagpreno ito kung hindi ay siguradong tatalisik ang dalaga. Kabado man ay nagawa pa rin niyang tapunan ng masamang tingin ang driver. Aba't muntik na siyang mapaihi sa kaba! Napakabilis magpatakbo ng driver ng itim na *Ford Expedition* na iyon samantalang paliko ang daan.

She was supposed to meet Lana at three pero heto at mag-a-alas cuatro na kaya nagmamadali siya. Hayun tuloy at muntik na siyang mabundol. Kakalampagin sana niya ang harapan ng sasakyang muntik nang makadisgrasya sa kanya nang bigla siya nitong businahan. Muntik na siyang mapatalon sa lakas ng busina nito.

Aba't ang bastos na ito! Siya pa ang binusinahan. Naroon pa rin siya sa harapan ng sasakyan at hindi pa naka-recover sa pagkabigla kaya hindi niya nagawang tumabi agad. Mayamaya ay sumungaw ang ulo ng driver sa bintana at binulyawan siya.

“Hey, you! Baka gusto mong tumabi at nakakaabala ka!” masungit na singhal nito.

Capture My Heart - Darla Domingo

Tumaas ang kilay niya at nagpanting ang tainga sa narinig. Papatulan niya sana ito kung di lang biglang nag-ring ang kanyang cellphone. Si Lana ang caller. Marahil ay inip na ito o worried sa paghihintay sa kanya.

“Buwisit kang driver ka! Ikaw na nga ang muntik nakasagasa ikaw pa ang galit! Makakarma ka rin! Hmp!” Pinandilatan niya ito sabay mabilis na tumawid pakabilang kalsada. Malapit lang doon ang tea shop kung saan naghihintay si Lana.

Mahirap talaga ang walang dalang sasakyan, late na nga siya sa usapan ay muntik pa siyang masagasaan.

Naroon na si Lana at tumitipa sa *iPad* nito nang dumating siya. Pagkakita sa kanya ay awtomatiko itong tumayo. They lightly hugged at saka nagbeso na siya na nilang nakasanayang pagbati sa isa't isa.

Nagpupuyos sa galit ang kalooban ni Karl sa nasaksihan. Aba't ang babaeng muntik na niyang masagasaan kanina ang siya palang katagpo ni Lana. Maaari kayang ito si Dane? Sukat sa naisip ay lalong kumulo ang kanyang dugo. Buong akala niya ay lalaki ang kinalolokohan ng kapatid.

Capture My Heart - Darla Domingo

Pero... babae? Gusto niyang masuka sa naisip. Could Lana be a lesbian? Come to think of it, hindi niya alam na nagka-boyfriend ito kahit kailan. O nagka-crush nang matindi sa isang lalaki! No...

Minabuti niyang kalmahin ang sarili. Masyado siyang nag-a-assume samantalang wala naman siyang pruwebang ito at si Dane ay iisa. Maaaring kaibigan ng mga ito ang babae at kasama sa pagtatagpong iyon.

He recalled overhearing Lana this morning na sa tea shop na iyon kakatagpuin si Dane nang ganitong oras. Kaya nga ipinaka-cancel niya lahat ng meetings niya nang hapong iyon at minabuting sundan ang kapatid sa lakad nito. Kung ayaw nitong umamin ay siya mismo ang tutuklas sa pinaggagagawa nito. He even went as far as borrowing his assistant's car para hindi makilala ni Lana ang sasakyan.

Ilang saglit pa ang lumipas. Naiinip na siya pero wala pang sumisipot na lalaki sa tea shop para katagpuin si Lana at ang babaeng kasama nito. Seryosong nag-uusap lang ang dalawa, paminsan-minsan ay nagtatawanan.

Mayamaya ay nanlaki ang mga mata niya sa nakita. Mukhang may iniabot si Lana. Pagkatapos niyon ay biglang nagliwanag ang mukha ng babae

Capture My Heart - Darla Domingo

at saka mahigpit na niyakap ang kapatid niya! Then Lana happily returned the hug. Confirmed, babae nga ang kinalolokohan ng kapatid. At mukhang masayang-masaya ang dalawa.

Magkahalong galit, pagkalito, at pandidiri ang nadama ni Karl sa nasaksihan. He hurriedly grabbed his phone and dialled Lana's number.

Lana and Daniella broke off their embrace when former's phone rang. They were still grinning at each other when Lana answered the call. Tumunghay ito pagkatapos.

“Dane, si Kuya 'yun. Pinapapunta ako sa office. May mga kailangan daw akong pirmahan. Alam mo na, ako ay isang mapagpanggap na stockholder ng company namin,” biro pa nito sabay kindat. “Next time na lang tayo mag-celebrate.”

“No problem. Unahin mo na 'yang kuya mo at baka ma-grounded ka pa,” ganting biro niya. “Ikaw rin, hindi ka makakapag-demo, hindi masusundan iyang sale mo.”

“Impossible! I'm getting good at this,” pabirong pagyayabang nito. Lumabas na ito para mag-abang ng taxi.

Capture My Heart - Darla Domingo

Nagbunga rin ang pagtitiyaga ni Lana. She managed to close a deal. Iyong pinuntahan nilang si Mrs. Sevilla sa *Valle Verde* noong nakaraang linggo ay tumawag daw rito kahapon at nagsabing mag-e-enroll sa kanilang weight loss program. At bilang mentor nito ay talagang tuwang-tuwa siya. Isa pa, hindi birong halaga ang kikitain ni Lana sa deal na iyon.

Hindi rin biro ang commission na papasok sa kanyang account dahil sa sale na iyon ni Lana. At pag napapayat nila ang ginang ay baka irekomenda pa sila sa mga amiga nito, which meant more sale and income for her and Lana. She couldn't help smiling at the possibilities.

Nang maubos ang kanyang milk tea ay nagpasya na rin siyang umalis. Uuwi na lang siya nang maaga ngayon tutal wala na siyang naka-line up na kliyente. Magpapahinga at magbabasa na lang siya ng libro. Matagal na rin niyang hindi nagagawa iyon.

It was almost six at dahil mahirap nang makakuha ng taxi, naisip niyang mag-FX na lang pauwi. Kasalukuyan siyang naglalakad patungo sa FX terminal habang nag-iisip kung ano ang ipapadepan para sa kanyang hapunan nang biglang may maramdamang matulis na bagay sa kanyang tagiliran.

Kasabay niyon ay ang nakapangingilabot na bulong sa kanyang tainga.

“Huwag kang sisigaw,” banta nito, “and don’t even think of running.”

Parang gustong tumaas ng kilay niya sa sinabi ng holdaper.

Sosyal? Gusto niyang lingunin ang hitsura nito lalo’t nahagip niya ang pabango nito. Amoy mamahalin na rin pala ang mga holdaper ngayon.

Kaya lang ay nanaig ang takot sa kanyang dibdib. Ayaw pa niyang maranasan kung paano ang masaksak, ’no! Naramdaman niyang bahagya siyang inakbayan ng lalaki. Sa pakiwari niya ay nag-aalangan din ito nang umpisa pero mayamaya ay naging komportable na animo ang pag-akbay sa kanya ang pinakanatural na gawain sa buhay-magnanakaw nito.

She had to think fast. Natigilan siya nang bahagya sa paglalakad.

“Binabalaan kita,” muling sabi ng kanyang abductor. “Sumunod ka lang sa akin, walang mangyayaring masama sa ’yo.” Sa diin ng pagkakasabi niyon ay parang lalong kinabahan si Daniella.

Palinga-linga siya sa paligid pero wala siyang

Capture My Heart - Darla Domingo

makitang ibang taong maaari niyang hingan ng tulong hanggang makatawid sila sa kabilang kalsada, palapit sa isang itim na sasakyan. Nang tuluyan silang makalapit doon ay natigilan si Daniella. Parang ito kasi iyong sasakyang muntik nang makabunggo sa kanya kanina.

“Get in the car!” mariing utos ng kanyang abductor. Mukhang hindi holdap ang mangyayari kundi kidnap! Sa driver’s side siya nito pinapasok at pinausod lamang papunta sa pasenger seat.

Nag-isip agad siya ng paraan upang makatakas. Pero higit na mabilis at maliksi ang kanyang abductor. Nagawa nitong makasakay agad at sa labis na pagkagulat ng dalaga ay natagpuan na lamang niyang nakaposas ang kanyang kaliwang kamay sa headrest ng kanyang upuan. Isang malaking ‘Bakit?’ ang nakarehistro sa mukha niya nang sa wakas ay makita niya nang harapan ang kanyang abductor...

Kung ganito kaguwapo lahat ng kidnapper ay baka may mga mag-volunteer pa na magpa-kidnap. Pero teka... bakit kaya siya ang naisipang kidnapin nito?

Wala namang tutubos sa kanya dahil ulila na siya at ang kanyang mga kamag-anakan ay wala ring pantubos.

Capture My Heart - Darla Domingo

Karl was partly amused at himself. Ang bilis niyang naisagawa ang plano. Sa pakiwari niya ay para siyang bidang lalaki sa isang pelikula. May paposaposas pa talaga siya!

Iyon naman ay para lang hindi siya matakasan kung sakali ng babae hangga't hindi pa sila nagkakaintindihan sa nais niyang mangyari. He turned to look at his 'victim', maliit lang ito, nasa 5'1 lang siguro kung hindi nakasuot ng wedges. Morena ito, balingkinitan, mabibilog ang mga mata o marahil ay dala iyon ng takot sa kanya. Sa kabuuan ay masasabi niyang cute ito, mukhang bata, marahil ay kaedad lamang ni Lana.

Kaya lang ay nakaka-turn off dahil isa itong lesbian. Pero kung susuriing mabuti, hindi iyon mahahalata sa porma at ganda nito. She looked fresh and bright in her yellow summer dress. Maiksi lang ang buhok nito, pixie cut, pero babaeng-babae pa rin ang dating.

She was not his type, mariing giit niya sa sarili. Pero hindi maiwasang manghinayang siya. Itinuon niya ang mga mata at atensyon sa daan.

“Uhm, excuse me, Mamang Kidnapper,” medyo alanganing sabi ni Daniella. “Baka lang ho nagkamali kayo ng kinidnap.” Saglit siyang tinapunan ng tingin

Capture My Heart - Darla Domingo

ng lalaki na kasalukuyang nagda-drive, patungo kung saan ay hindi niya alam.

May tila amusement sa mga mata nito sa kanyang tinuran ngunit saglit lang at napalitan iyon ng tila galit. Napalunok siya. Ano ba itong nangyari sa kanya? Kanina lang ay nagdiriwang ang puso niya dahil sa success ni Lana, ngayon heto siya at kidnapped by mistaken identity.

Muli niyang pinag-aralan ang mukha ng kanyang kidnapper. Kahit side view, guwapo ito. Medyo marahas ang features ng mukha gawa ng square jaw nito. Pero malinis ang pagkaka-shave at walang mababakas na stubbles sa mukha ng lalaki. At ang malupit, halatang designer long sleeves at slacks ang suot ng kanyang abductor! Mas bagay na executive ito sa Makati kaysa kidnapper. Sarap sanang kiligin kung wala lang sila sa ganitong eksena.

“Satisfied?” Halos mapapitlag siya sa kinauupuan nang biglang magsalita ang lalaki. At ang boses, ah! Buong-buo. Masarap sa pandinig. “Pumasa ba ako sa standards mo, ha, Dane? Akala ko ba babae ang tipo mo? Bakit parang tinatablan ka sa charisma ko?” Sarcasm laced his voice.

Nagulumihanan siya sa mga pinagsasabi nito.

Capture My Heart - Darla Domingo

“K-kilala mo ako?” tanong niya. Muli siyang tinapunan ng tingin ng hindi pa nakikilalang lalaki. Guwapo sana talaga ito kaso ay mukhang ubod ng sungit.

“Kilala ko ang mga tulad mo.” Iyon lang ang naging tugon nito at pagkatapos ay muling itinikom ang bibig.

Gustong magtaray ni Daniella ngunit tinatalo siya ng kaba sa dibdib.

“Uhm, Mamang Masungit, puwede bang malaman kung saan mo ako dadalhin? Baka kasi magkakulani itong kilikili ko at nangangalay na ako sa pagkakaposas ko.” Napaka-awkward tuloy ng hitsura niya. Inirapan niya ito at ibinaling na lamang sa daan ang tingin.

Gustong matawa nang malakas ni Karl sa hitsura ng babaeng ‘kinidnap’ niya. Dahil sa pagkakaposas nito ay hindi maiwasang lumilis nang bahagya ang laylayan ng bestida nito. Nasulyapan tuloy niya ang morena ngunit makinis nitong mga hita. Hindi talaga mapagkakamalang lesbiana. Sa isang banda ay nakakaawa rin ito at marahil ay ngalay na nga sa posisyon. Pero kinakain pa rin ng ngitngit at pandidiri

Capture My Heart - Darla Domingo

ang kalooban niya kaya tinikis niya ito. Buti ngang mahirapan ito para matuto ng leksyon.

“Nandito na tayo. I warn you, one wrong move and you’re dead!” banta niya.

Puwede na siyang stage actor sa galing ng kanyang pag-arte. He might look rough and harsh but he was never the violent type, especially not with women. Lesbiana man ito ay babae pa rin ito at wala siyang balak na saktan ito. Maybe, scare her a bit, intimidate her. But never hurt her.

Nanlaki ang mga mata ng dalaga nang makita kung nasaan sila.

They were in a motel at kasalukyang nagmamaniobra ang lalaki papunta sa isinenyas ng boy na garahe!

Okay, OA lang siya. Hindi iyon cheap na motel. In fact, sikat iyon—pero hindi iyon para sa tulad niya.

Never pa siyang tumapak sa ganoong lugar. Nang tuluyang makapasok ang sasakyan sa garahe ay kusang sumara ang gate niyon pababa. Kahit pa magsisigaw siya ay malabong may sasaklolo kung may makarinig man sa kanya.

She had to be calm. She needed to think of a way

out. *Oh my, God!* Baka naman balak muna siyang rape-in nito? Kunsabagay, baka maging santa rin siya kung mamatay na ipinaglalaman ang kalinisan ng kanyang puri. Kaya lang ang gross naman kung matatagpuan ang katawan niya sa isang motel. Ano na lang ang iisipin ng mga kakilala niya?

Maliksing bumaba ang lalaki sa sasakyan at binuksan ang pinto sa side niya. Habang sinusugian nito ang kanyang posas ay nahigit niya ang paghinga. He was too close. Halos nakasubsob ang mukha niya sa dibdib at kilikili nito. Ang nakakaloka, her mind noted how pleasing his scent was. She might have looked weird batay sa sunod nitong sinabi.

“Ayusin mo nga ’yang mukha mo,” masungit na sita nito pagkatapos ay bahagya siyang hinatak pababa at inutusang pumasok sa kuwarto. “Mukha ka kayang tanga. Anong ini-imagine mo? Mukhang pinapantasya mo na ang gagawin ko sa ’yo, ah. Let me tell you, stop dreaming. Hindi gaya mo ang type ko.”

Ouch!

“Sobra ka na, ha!” ganting singhal niya. “Eh, hindi mo pala ako type, bakit dito mo ako dinala? Don’t tell me may mga kasabwat ka pa? Saka, for your information, hindi rin kita type! At kahit guwapo ka, hindi mo maisasakatuparan ’yang mga balak

mo, 'no!" Kahit parang gusto na niyang maiyak ay nagtapang-tapangan siya. Hindi niya tuloy napansin ang nakakalokong ngiting gumuhit sa mga labi ng lalaki.

Hindi na napigilan ni Karl ang matawa sa facial expression ng kaharap.

"We'll see about that," anito pagkatapos ay inilang-hakbang ang pagitan nila.

Naalarma si Daniella, lalo na nang makita ang pagseryoso ng mukha nito. She took several steps backwards, hanggang sa masukol siya sa dingding. Matangkad ang kanyang abductor kaya nang itukod nito ang mga kamay sa magkabilang gilid ng kanyang ulo ay wala siyang nagawa kundi tingalain ito. She felt really helpless. Sunud-sunuran sa lalaking ito at tila wala siyang takas.

Karl knew that what he was doing was crazy. Pero narito na ito at paninidigan na lang niya. Ang balak lang naman niya ay kausapin ang babae ngunit nang makita niya ito at si Lana kanina na magkayakap ay talagang kumulo ang dugo niya at wala siyang ibang naisip na pagdalhan sa babae kundi sa ganitong lugar. He certainly didn't want to bring Dane into his condo

unit. Nasa bahay si Lana kaya lalong hindi puwede roon. At least dito, magsigawan man sila ay silang dalawa lang ang makakarinig. Kanina halos sumabog siya sa galit. Now, he was amused. At himself, at the situation, and at his 'prey'.

When he looked at her, nakita niyang lalong bumilog ang mga mata nito, bakas sa mga iyon ang pangamba. He just hoped she wouldn't start crying dahil hindi niya alam ang gagawin sa mga babaeng umiiyak. He hated that tactic!

Umiral ang kalokohan niya. Umiiwas ng tingin si Dane, yumuko para hindi salubungin ang kanyang mga titig. She smelled good. Amoy na amoy niya ang mabining pabango nito at dama ang masasal na paghinga nito gawa marahil ng nerbiyos. He could feel her palms pressing hard against his chest, itinutulak siya palayo. Ngunit wala itong panama sa lakas niya. Then he realized he was slowly lowering his head toward her.

Hahalikan mo? tanong ng isip niya.

Karl stopped dead halfway to her lips. Ano ba ang pumasok sa isip niya at mukhang hahalikan nga niya ang babae? Wala iyon sa plano niya. Marahas na ipinilig niya ang ulo at lumayo rito. Kailan pa siya naging manyakis? Para amoy lang ng babae ay

naapektuhan na siya agad?

“Okay. I’m sorry. That was uncalled for,” pagamin niya nang matauhan. “We’ll just talk. About you and my sister.” Inokupa niya ang isang upuan malapit sa TV. Inilapag niya ang cellphone at posas sa kalapit na console table. Pagkakita sa posas ay awtomatikong minasahe ni Daniella ang kamay. Karl turned to look at what she was doing and felt a tinge of guilt when he saw her wrist reddening and a bit swollen.

“About what?” nakakunot-noong tanong ni Daniella. She sat on the edge of the bed dahil iyon ang mas malapit sa kanya. Pasimple niyang pinaikot ang paningin sa kabuuan ng silid. She had to keep a safe distance from the guy. Nakakatakot ang reaksyon niya pag malapit sila. She was supposed to be mad at him, or frightened, not nervous and palpitating as if anticipating his nearness and his touch! Ganito na ba talaga pag walang boyfriend nang matagal na panahon? She should be disappointed with herself.

“I’ll make you a deal. Half a million pesos derecho sa bank account mo layuan mo lang ang kapatid ko,” tahasang alok nito.

Lalo siyang nagulat sa tinuran ng lalaki. Siya ang kinidnap, di ba? Bakit ito ngayon ang nag-aalok ng pera?

Capture My Heart - Darla Domingo

“Excuse me lang, Mamang Kidnapper, medyo nakakaloka ka kasi. Puwede bang isa-isahin muna natin ang topic? Lost na kasi ako, eh! Kanina muntik mo na akong sagasaan, ’tapos kinidnap mo ako at dinala dito sa motel, ’tapos ngayon aalukin mo ako ng pera para layuan ang kapatid mo. Sino ba kasi ’yang kapatid na sinasabi mo, ha? Sa pagkakaalam ko kasi wala akong boyfriend, so sino’ng lalayuan ko?” nakairap niyang usisa. “Tsaka sino ka ba? You almost kissed me pero ni hindi ko alam ang pangalan mo. Ganyan ka ba kawalang-modoo?”

“My name is Karl Karlnt Espijon. And sorry to burst your bubble pero wala akong intensyong halikan ka. Well, at least, I don’t intend to kiss someone like you.”

Aba’t bastos talaga! piping reklamo ng kalooban niya.

Muli niyang inirapan ito. If looks could kill na lang ang drama niya.

“You can’t be the Karl Vincent Espijon of the *Espijon Group of Companies?*”

“What if I say I am? Hindi ba kapani-paniwala?”

“Well, I for one thought that the CEO would be someone older and smarter. At lalong hindi manyakis.”

“That’s stereotyping and you know it. I may not be *that* old, but I am smart. At hindi ako maniac. I promise you, wala pa akong pinilit na babae at wala akong gagawin sa iyong hindi mo gusto.”

That playful grin was on his face again. Naiinis si Daniella na pati iyon ay napagtutuunan niya ng pansin. She should be concerned with finding a way to escape, not taking note how heart-melting his smile was, nor how his features softened everytime he grinned. Gusto niyang batukan ang sarili.

“Ano ba talagang kailangan mo sa akin? At ano’ng kinalaman ko sa kapatid mo?” angil niya.

“Layuan mo ang kapatid ko and I’ll give you half a million pesos for it.” Napamaang si Daniella sa narinig. “And don’t deny it. May relasyon kayo ng kapatid ko. May mga pruweba ako. Ikaw si Dane, right?”

“Eh, ano kung ako nga si Dane? Ako lang ba ang nag-iisang Dane sa mundo? Baka ibang Dane ’yang hinahanap mo, dahil for your information wala po akong karelasyon ngayon. Buti ka pa alam mong may boyfriend ako, samantalang ako hindi ako aware! At kung gaya mong bastos lahat ng lalaki, mabuti pa ngang walang boyfriend!”

“Hah! Di inamin mo rin!” Napatayo ito. “Ayaw mo sa lalaki kaya kapatid ko ang kinursunada mo! I’m talking about Lana!” mariing sabi nito, hindi makapaniwala sa pagkalitong nakarehistro sa mukha ng kausap.

Pang-theatre din yata ’to gaya ko, naisip nito.

“Pakiusap, layuan mo na siya. Stop corrupting her, she’s only twenty-four! And you’re what? Thirty? Huwag mo na siyang huthutan, please. Ako na ang magbabayad sa ’yo pero you have to promise—”

Naningkit ang mga mata ni Daniella sa narinig. Nagpanting ang mga tainga at naramdaman niyang uminit ang puno ng mga iyon maging ang kanyang mga pisngi.

“Hep hep! Wait lang! Preno ka lang!” marahas na tumayo siya at namaywang habang pinandidilatan ang lalaki. “OA ka rin, eh. I’m only twenty-eight, you scumbag! At hindi ko type si Lana. Hindi ko siya hinuhuthutan.”

“Stop denying it, I’m not conKarld. I saw your rather intimate embrace.” Nagtagis ang mga bagang nito nang maalala ang tagpo sa tea shop kanina. He couldn’t be wrong. It couldn’t be just a friendly, harmless hug!

Capture My Heart - Darla Domingo

Bumunghalit ng tawa si Daniella. Iiling-iling pa ito na lalong ikinairita ni Karl.

“What?” gigil na tanong ng lalaki.

“So you are Lana’s big brother? How come? I didn’t know she’s from the Espijon clan. Silva ang gamit niyang surname.”

“Oh, well, it’s a long story. And it’s not for you to know,” masungit na tugon nito.

She made a mental note to ask Lana about it. She turned to her abductor again, nakaarko ang isang kilay.

“So, ikaw pala ang hadlang sa mga pangarap ng kapatid mo. And are you telling me na kaya tayo nandito ngayon at may pakidnap-kidnap effect ka pa ay para lang sabihin sa akin na layuan ko si Lana? Ganyan na ba kayong mga mayayaman talaga? Wala nang magawa sa oras at pera kaya kung anu-anong gimik ang naiisip? You could have just sent me a memo. O kaya, eh, ipinatawag mo na lang sana ako sa office mo, hindi ba?”

3

Vince could see the fear in the woman's eyes. Well, she was still a pretty sight, but obviously scared. At ang kanina ay namimilog na mga mata ay naniningkit sa galit ngayon. Well, he must admit, she was prettier fuming mad. Tuluyan nang kumawala mula sa bibig ng binata ang malutong na tawa.

Lalong naningkit ang mga mata ni Daniella. The man was really pissing her off! She grabbed the nearest pillow and quickly bridged the gap between them. Pagkatapos ay walang sabi-sabing pinaghahampas niya ito. Doon niya ibinuhos ang lahat ng kaba niya at inis.

“Walanghiya ka! Tinakot mo ako nang husto! Dahil lang pala kay Lana! Buwisit ka!” Sige siya sa paghampas, sige naman sa pag-ilag si Karl habang hindi maputul-putol ang tawa nito. Lalong umangat ang pagkapikon niya. “Ang yabang-yabang mo!”

“Hey, hey, enough,” natatawa pa rin na pigil ng binata.

Nang sa wakas ay humupa ang galit niya ay nahahapo siyang umupo sa kama.

Capture My Heart - Darla Domingo

“I’m sorry, all right? I didn’t plan to scare the hell out of you. Okay, so that was just my plan, ang takutin ka, pero believe me, wala akong ibang planong gawin sa ’yo kanina. Unless, you’re suggesting we do something tatal ’andito na rin lang naman tayo,” nakakalokong insinuation nito.

Matalim na tingin ang naging tugon niya. “Heh! Hindi kita type! Baka ikaw ang may gusto sa akin at palabas mo lang lahat ito para makuha mo ang puri ko, ’no!” akusa niya.

Hindi makapaniwala si Karl sa naririnig. Never pa siyang naging ganoon kadesperado para mapansin lang ng isang babae. Isa pa, napakaganda ng kanyang nobyang si Carlyn. He wouldn’t pull low tricks like this one only to get a woman’s favor. Ngayon lang, at dahil pinoprotektahan niya si Lana. He remembered why they were here.

Pumormal bigla ang mukha nito. “Seriously, Dane, tigilan mo na ang kapatid ko. Kung babae talaga ang tipo mo ay huwag na lang sana si Lana.”

Daniella rolled her eyes in frustration. Ang hirap naman palang kausap ng taong ito! Bakit ba ipinipilit nito na type niya si Lana? Saan ba nito nakuha ang ideyang iyon? She caught sight of the handcuffs lying on the sidetable. Biglang may lumiwanag na

Capture My Heart - Darla Domingo

light bulb sa kanyang ulo! Time to change tactics! Hindi siya mananalo sa pakikipagtalo sa lalaking ito dahil mukhang kumbinsido na ito sa kanyang sexual preference.

Tiningnan niyang muli ito at sadyang ini-relax ang mukha niya para magmukha siyang maamo. Marami na ang nagsabi sa kanyang napakaganda ng mga mata niya at tila nakakahipnotismo. Now was the time to test the power of her eyes. Marahan siyang lumapit sa kinauupuan nito.

“Do you honestly believe na mas prefer ko ang babae?” Bahagya pa niyang iniimbay ang balakang habang lumalakad palapit dito.

Halatang nagulat ito, hindi inaasahan ang gayon mula sa kanya. All of a sudden, Dane seemed very attractive to him. Kinukumbinsi pa nito ang sarili na gawa lamang iyon ng malamlam na ilaw sa loob ng silid. Pero tila ito napako sa kinauupuan.

Daniella could see how his eyes couldn't leave hers. Tuluyan na siyang nakalapit dito. Unti-unti niyang inilapit ang mukha rito habang nakatayo pa rin.

“What made you think na ang gaya ko ay sa isang babae magkakagusto samantalang I can always have

someone like you?" malanding bulong niya sa tainga nito.

Karl stiffened. Daig pa niya ang teenager! She slowly knelt in front of him. Wala sa hitsura nito ang sanay sa art of seduction but she was doing really well... lalo na kung pagbabatayan ang reaksyon ng katawan niya. He could only hope na hindi iyon napapansin nito.

Hindi nito inaalis ang pagkakatitig sa kanya. Unti-unti nitong inabot ang batok niya gamit ang kanang kamay at inilapit sa mukha nito ang kanyang ulo...

Parang gustong kilabutan ni Daniella sa ginagawa. Pero ang tanging gusto nito ay makaganti.

Each minute was excruciatingly heart-pumping. Animo nawalan ng sariling pag-iisip si Karl na nagpatianod na lang. Kung anuman ang nais mangyari ng babae ay walang dahilan para tanggihan niya ito. Walang mawawala sa kanya.

Halos magdikit na ang kanilang mga labi... nakapikit ang dalaga at marahil ay hinihintay ang paglalapat ng kanilang mga labi. Halos marinig niya ang lakas ng tambol ng dibdib nito. His nose was being assaulted by her lovely scent. It was doing

wonders to his senses. Finally, their lips touched. Very lightly at first—bahagyang lumayo ang babae. Ngunit saglit lamang dahil muling inabot ni Karl ang mga labi nito. He kissed her again. Narinig niyang napasinghap ito. He stopped kissing her then, at saglit munang tinitigan ito, mariin ang pagkakapikit nito.

But a few seconds later, he gave in to the urge to kiss her again—this time demanding her to respond.

Biglang napadilat si Daniella, shock registered in her eyes. Pero muli siyang napapikit sa tindi ng sensasyong dulot ng mga halik ng binata. Unintentionally, humigpit ang pagkakakapit niya sa batok ng kaulayaw. Pakiramdam niya ay nalulunod siya sa ginagawang pananalasa nito sa kanyang bibig. Lalo pang lumalim ang halik nito, naging mas mapaghanap.

She fought to gather her wits. Hindi siya puwedeng magpalamang sa lalaki. She reminded herself kung gaano siya pinakaba nito at kung paanong ininsulto ang kanyang pagkatao. He deserved a lesson! Mabilis na kumilos ang mga kamay niya upang isakatuparan ang nabuong plano kaninang bago ito lapitan.

Nagulat si Karl, hindi inaasahan ang biglang pagkalas ng dalaga mula sa kanilang paghahalikan. Natagpuan nito ang sariling nakaposas ang kanang

kamay sa arm rest ng upuan!

“Damn!” he cursed under his breath. Nautakan siya ng babae! Mabilis itong nakalayo sa kanya, a triumphant smile on her lips. Kanina lang ay hinahalikan niya ang mga labing iyon na ngayon ay tila binubuska siya sa kanyang kahinaan.

He tried to search for the keys in his pocket but Daniella, who seemed to know what he was thinking, dangled them in front of him—far enough out of his reach.

“Ito ba ang hinahanap mo?” nakakalokong pang-aasar nito. “Well, here’s what I’ll do, pupuntahan ko si Lana sa bahay n’yo after ko dito. What do you say if I sleep there? Malaki naman siguro ang kama ni Lana, ano? Kasya kami.”

“You know what? You make me sick! Nakakadiri ka!” mariing bulyaw ng lalaki.

“Nakakadiri ba? Kaya pala halatang na-enjoy mo ang paghalik sa akin,” she retorted. “Anyway, I’ll leave the keys with Lana. Siya na ang bahalang mag-rescue sa ’yo dito. Tatal bayad mo naman ’ata ito hanggang bukas, you can spend the night here. I’ll do you a favor and turn off your phone para siguradong walang iistorbo sa ’yo. Plus, I’ll make sure hindi ka

Capture My Heart - Darla Domingo

pagpapawisan para komportable kang makatulog.” Tinungo niya ang aircon at itinodo ang lamig niyon.

She would let him freeze to death. Nang makita niya ang galit sa mukha nito ay gusto niyang palakpakan ang sarili. Pinatay niya ang cellphone nito na kanina ay maagap niyang dinampot mula sa pagkakapatong sa console table. Pagkatapos ay isinilid din iyon sa bag niya. Isasauli na lang din niya iyon kay Lana bukas para hindi makatawag sa kahit na sino ang binata.

Bago siya tuluyang lumabas sa silid ay kinindatan niya pa ang lalaki.

“You can’t buy everyone, Mr. Espijon. You can’t make me do what you want kahit pa isang milyon ang ibayad mo sa akin. At kung may relasyon man kami ng kapatid mo, sinisiguro ko sa ’yo na it’s nothing like what’s going on in that dirty mind of yours!” mataray na litanya niya habang iminumuwestra pa sa mga daliri kung gaano kaliit ang utak ng lalaki.

“Ano ba kasi ang pumasok diyan sa isip mo, Kuya? Nakakahiya kay Dane!”

“Aba’t sa kanya ka pa nahiya? Saan ba nakatira iyon at tuturuan ko ng leksyon?” Nanggigigil pa rin

si Karl sa ginawa ng Daniellang iyon!

Sukat ba namang itodo ang aircon. Tuloy ay sinipon siya sa sobrang lamig. Walang timer ang aircon kaya di kusang namamatay. Magdamag siyang nagtiis na nakaposas sa upuan! Umaga na nang makarating si Lana sa motel upang sunduin siya.

Hindi siya nakatulog sa kaiisip sa babae! At kahit itanggi niya, a part of his mind couldn't help roving along the kisses they shared. Bagay na lalong ikinabuwisit niya.

“I warn you, Lana, layuan mo ang babaeng iyon!”

“Nakakatawa ka, Kuya, ano ba'ng ginawa sa 'yo ni Dane? Why do you hate her so? 'Tsaka, OA ka, ha! Sabi niya pinagbintangan mo raw siya na lover ko! Yuck, Kuya! Kelan pa naging ganyan ang takbo ng utak mo?”

Sinabi na ng kapatid kanina na wala itong ganoong klase ng relasyon kay Daniella. Mentor lamang umano nito sa business ang babae, at kaibigan na rin. Sa wakas ay inamin ni Lana na pumasok nga ito sa isang direct-selling company. He couldn't believe his ears!

His very own sister—a scammer! Gayong may sarili silang legal at maunlad na mga negosyo! Tapos

ito ng Business Management sa isang may sinasabing unibersidad, pero sa panggagantso lang pala ang babagsakan.

If anything, napanatag siyang hindi ito karelasyon ni Daniella. O mas tama bang sabihing relieved siyang malamang hindi lesbian si Daniella? Sinaway niya ang sarili sa naisip. Why would he be relieved to know that? Ano sa kanya kung tibo ito o hindi?

Ang alam niya ay may matinding utang ito na sisingilin niya nang mahal!

Nobody had ever made him feel so humiliated! Buti na lamang at sila lang ni Lana ang nakakaalam ng nangyari sa kanya.

At si Dane, giit ng isip niya.

“Si Carlyn pala, panay ang tawag sa bahay kagabi. Nasaan ka raw ba at bakit hindi ka niya makontak? Naririndi na nga ako kasi parang every hour tumatawag.”

“Kasi ’yung kaibigan mong siraulo, pinatay ang phone ko at tinangay. Nakuha mo ba sa kanya pati phone ko?”

“Nope, wala siyang binigay. If you want, kunin mo na lang sa kanya. Madalas iyong tumambay sa

Capture My Heart - Darla Domingo

Affinitea mga bandang three or four pm. Try mo kung nand'un siya mamaya.”

Napangiti siya sa tinuran ng kapatid. Mukhang may pag-asa siyang makaganti sa Dane na iyon. Nangangamoy round two! At sisiguraduhin niyang siya ang mananalo sa pagkakataong ito.

Napanis si Karl sa pag-aabang sa tea shop pero walang sumulpot na Daniella. Marahil ay may iba itong appointment nang araw na iyon. Napag-alaman niya kay Lana na madalas ay puno ang buong araw nito sa client calls at product demonstrations. Sa totoo lang, hindi pa rin siya kumbinsido sa tinatawag na ‘business’ ng mga ito.

Ang ganoong benta-benta ay sideline lang, tsamabahan, at hindi puwedeng mag-build ng solid income. Pero nagdesisyon siyang hayaan ang kapatid na gawin muna ang gusto nito. Tiyak niyang mapapagod rin ito at titigil.

He was a busy man, pero nasaling ang pride niya sa ginawa ni Daniella. Pihadong nagdiwang nang husto ang dalaga dahil nagoyo siya nito. He was again reminded of their kiss. Halatang hindi ito marunong humalik but he must admit that he enjoyed kissing

her.

Pagbalik sa opisina ay inutusan niya si Sandy na um-order ng bouquet.

“Ipapalagay ko ba ’yung usual message mo for Miss Carlyn, Sir?” tanong nito.

“Nope, I’ll write the message myself. It’s for somebody else so don’t make the mistake of asking Carlyn if she received the flowers,” ngingiti-ngiting utos niya sa sekretarya. “And call Lana, ask her to come here. May ipapagawa ’ka mo ako sa kanya.”

Daniella was eating Mongolian rice for dinner. In-order lamang niya iyon mula sa nadaanang Mongolian foodhouse pauwi sa kanyang apartment sa Makati. Magsa-sound trip sana siya nang marinig ang malakas na katok sa kanyang pinto. Nagulat siya nang mapagbuksan si Lana.

“Hey, gabi na, ah! Napadaan ka?” aniya pagkatapos makipagbeso. Inaya niya itong tumuloy sa loob.

“Actually, napag-utusan lang ako. I brought you these,” anito sabay abot ng isang bouquet ng white roses.

Capture My Heart - Darla Domingo

Tantiya niya ay dalawang dosena iyon. Napamaang siya, napako ang tingin sa mga bulaklak.

“Ano ’to? Para sa akin? Lalo tayong pagkakamalan ng kuya mong mag-jowa nito, eh,” naiilang na saad niya.

Iginiit nito sa kanya ang mga bulaklak kaya napilitan na siyang tanggapin ang mga iyon. Pagkatapos ay umupo ang dalaga sa kanyang couch. Kinuha nito ang remote ng TV at binuksan iyon.

“What’s for dinner? Nagugutom na ako, eh.”

“Wala, nag-take out lang ako. Hindi ko naman po alam na dadaan ka.”

“You should learn how to cook, puro ka takeout. Mas gusto ng mga lalaki ’yung marunong magluto. Lalo na si Kuya,” anito, kumindat pa sa kanya na ikinataas ng kilay niya.

“Ano’ng kinalaman ng kuya mo sa usapan? Lasunin ko pa ’yun! Para s’an ba ’tong mga bulaklak? Alam mo namang hindi ako mahilig sa roses.”

“Alam ko, pero si Kuya hindi. Eh, magpapadala pala ng flowers hindi man lang nagtanong sa akin kung ano’ng type mo, di sana nabigyan ko ng tip,” patay-malisyang sabi nito.

Capture My Heart - Darla Domingo

“Pakiulit nga, please?” Tinambol yata ng isang set ng drums ang dibdib niya sa narinig. Ang kuya nitong buwisit ang nagpadala ng roses?

Kaya pala puti! Nagso-sorry.

“Asus, narinig mo naman, eh. Kayo ni Kuya, ha! Nagkulong lang kayo d’un sa motel, eh, nagka-develop-an na kayo agad! Effective ’yung ginawa mong pagpapahirap sa kanya, ah. In fairness, original na original ang style mo. I’ll keep that in mind for future reference. May card diyan, basahin mo na lang, siya mismo nagsulat!”

Pinandilatan niya ito. “Eh, bakit parang nabasa mo na iyong note? Inunahan mo pa talaga ako!”

“Siyempre, I had to be sure wala siyang masamang sasabihin sa ’yo kaya binasa ko muna. Mind you, ngayon lang personal na nagsulat ’yun ng note. May template ’yun ng message para d’un sa girlfriend niyang super boring. Sekretarya niya ang taga-dictate sa flower shop.”

Sukat sa narinig ay parang nahimasmasan si Daniella.

“Eh, luku-luko pala talaga ang kuya mo! May girlfriend na pala siya bakit nagpapadala pa siya ng flowers?”

Capture My Heart - Darla Domingo

“Whoa! OA? Nagagalit? Nagseselos?” pambubuska ni Lana habang palipat-lipat ng channel sa TV. “Nagso-sorry si Kuya. Hindi ka pa naman niya nililigawan, ’no! Pero kung sakali, eh, boto ako sa ’yo. Ayoko d’un sa Carlyn na ’yun, masayadong straight ang buhay, ang boring!”

Padabog na inilapag niya ang bouquet sa center table at saka padaskol na itinuloy ang pagkain. Doon niya ibinuhos ang pagkairita sa sarili at sa kuya ni Lana.

What did she expect? Na dahil lang sa naghalikan sila noong isang gabi ay na-in love na ito sa kanya? At bakit ba niya iyon ine-expect? Affected ba siya sa nangyari sa kanila?

Hindi nga ba? buwelta ng isip niya. Hindi, tanggi niya sa sarili. Eh, bakit parang parati mong naaalala? tanong ulit ng kanyang isip.

First real kiss ko kaya ’yun!

Inabangan ni Karl ang pagdating ni Lana.

“O, ano’ng reaksiyon?” tanong agad niya nang makapasok ito ng bahay.

Ibinagsak nito ang katawan sa malambot nilang

sofa.

“Nagmamadali? Hindi ba puwedeng makapagdinner muna ako?” natatawang tanong nito. She was amused by his actions. He was like a teenager na naghihintay ng sagot ng nililigawan. “Andiyan na pala ’yung phone mo. Kinuha ko na. What’s for dinner? I’m starving. Walang pagkain d’un kay Dane,” reklamo nito sa halip na sagutin siya at pagkatapos ay tinungo na ang komedor. Nagpahain ito sa katulong.

“Hindi ka pinakain ni Daniella?”

Talagang sinundan ako ni Kuya. This is interesting, isip-isip ni Lana.

Karl pulled out a chair and joined her. Nagpakuha ito ng kape sa kanilang katulong.

“Hindi marunong magluto si Dane. Puro lang takeout at deliver ang alam n’un, o kaya milk tea.” Napansin nitong napangiwi ang kapatid sa narinig. Her Kuya Karl believed na dapat mahusay sa kusina ang isang babae.

Si Carlyn ay napakahusay mangusina. Sabagay, saan ba hindi mahusay iyon? Carlyn was smart, beautiful, ultra-sexy, at may successful na perfume line. Ito na yata ang perfect girlfriend.

Capture My Heart - Darla Domingo

Perfect and boring, Lana thought. Kasi parang hindi ito totoo. Mas nakaka-relate ang dalaga kay Dane, maraming kakulangan—flawed but real.

“Kuya, about my bill, uhm, hindi pa kasi nagbayad ’yung isang kliyente ko, in two weeks pa due ’yung post-dated check na in-issue niya sa akin. My bill’s due the day after tomorrow. Okay lang bang pahiram muna?” lambing nito.

Karl rolled his eyes. Sabi na nga ba niya. “Ano pa nga ba? Pero ano nga ang sabi ni Daniella?” Wala na siyang pakialam kung pagtawanan siya ng kapatid. Kailangang pumayag si Daniella na makipag-dinner sa kanya para maisakatuparan niya ang round two nila.

Nakipagkulitan pa si Lana pero sa huli ay nagkasundo silang babayaran niya ang buong bill nito basta mapapayag nito si Daniella na samahan siyang mag-dinner.